



5. Violation of the rights to health and food. In evacuation centers, IDPs fell prey to epidemics, various illnesses and malnourishment. Contagious diseases easily spread within the cramped and poorly maintained centers, preying mainly on the children. Evacuees also complained of lack of potable water.

Among the deleterious effects of militarization noted by the FFM teams are:

1. Psycho-emotional trauma as manifested by trembling, fear of men in uniform, and low performance, inattentiveness and absent-mindedness among school children due to the MILF attacks in Christian areas and ongoing mortar shelling, presence of landmines and indiscriminate fir-

ing by the AFP in Muslims areas.

2. Changes in the relationship between Christians and Muslims, particularly in Kauswagan and Kolambugan, Lanao del Norte.
3. Atmosphere of insecurity among the civilian populations, who are constantly in fear of another possible attack by the MILF and continuous military operations by the AFP.

The FFM teams also noted with concern the revival of vigilante groups in Christian areas, including the dreaded Ilaga. What is more alarming is that there are sectors of the population that favor the arming of civilians.

Community members voiced out their concerns, among them:

1. Support to the evacuees in the meantime that they have not yet returned to their communities and their farms.
2. Bring to an end the militarization in Muslim communities. Muslims are also asking that the rampant and continuing human rights violations being committed by the military be stopped.
3. A serious government effort to preserve peace and order in the communities, and secure the means of livelihood of the people.
4. Justice for the innocent civilians, both Christians and Moros.

Excerpted here are some of the findings of the various teams that visited the communities. The full report is available from organizations that participated in the fact-finding mission. ■




Alamin ang inyong mga

KARAPATAN

Mga mahahalagang usapin tungkol sa Internally Displaced Persons (IDPs)

Ano ang 'internal displacement' (sapilitang paglikas sa loob ng bansa)?

ITO AY tumutukoy sa hindi boluntaryong paglikas ng mga tao sa loob ng isang bansa. Ito ay nangyayari kapag ang isang tao, pamilya o komunidad ay napilitang umalis sa lugar kung saan sila naninirahan, o kaya ay napuwersang iwanan ang kanilang mga bukirin at iba pang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.




Ang mga taong napilitang lumikas ay tinatawag na *internally displaced persons* (IDPs) o "bakwit." Sila ay nagtutungo sa ibang lugar sa loob ng bansa at hindi nagpupunta sa ibayong lugar. Ang paglikas ay ginagawa nila upang makaiwas sa kapahamakan, kaguluhan o panunupil na dulot o resulta ng armadong labanan, malawakang pag-iral ng kaguluhan, paglabag sa karapatang pantao, demolisyon, pagkasira ng kapaligiran o dahil sa tinatawag na proyektong pangkaunlaran na nagtataboy sa mga tao at pamilya mula sa kanilang tirahan at pamayanan.

Sino ang mga taong tinatawag na Internally Displaced Persons (IDPs)?

Ayon sa United Nations Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID), ang mga IDPs ay mga tao o grupo ng tao na napilitan o na-obliga na umalis o lumikas mula sa kanilang tahanan o lugar na kanilang palagiang tirahan, bunga ng o upang makaiwas sa

- mga epekto ng armadong tunggalian,





Alamin ang inyong mga **KARAPATAN**

- mga kalagayan ng pangkalahatang kuguluhan,
- mga paglabag sa karapatang pantao,
- mga sakunang kagagawan ng tao o dulot ng natural na kadahilanan

at sila ay hindi tumawid sa isang kinikilalang internasyonal na hangganan ng isang estado/bansa.

Kabilang din dito ang mga taong lumikas dahil sa paglabag sa kanilang karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at pang-kultura. Halimbawa dito ay ang mga katutubong mamamayang itinaboy upang makapasok sa kanilang lupaing ninuno ang mga dayuhang negosyo (tulad ng pagmimina) at mga tinatawag na “proyektong pangkaunlaran” na hindi naman sila ang nakinabang.

Sino ang kadalasang apektado ng sapilitang paglikas?

Karamihan sa kanila ay nagmumula sa mga kana-yunan at bulubunduking lugar. Sa mga sentrong bayan o kalunsuran naman, ang mga madalas na maitaboy ay yaong mga kabilang sa sektor ng maralitang tagalungsod, dahil sila’y madalas na nahahagip ng demolisyon.



Sa kasalukuyan, ang pinakamalaking bilang ng mga IDPs ay mula sa mamamayang Moro tulad ng Maguindanaoan, Maranaw, Iranun, Tausug, Kalibugan at Kalagan. Ang iba ay mula sa mga pangkat ng Lumad na tulad ng B’laan, T’boli, Higaonon, Subanon, Manobo at Teduray. Maraming mga Kristiyanong naninirahan sa Mindanao ay naapektuhan din ng labanan sa panig ng tropa ng pamahalaan at mga rebelde.

Ayon sa isang pag-aaral ng Citizens Disaster Response Center (CDRC) noong 1993, mahigit sa kalahati ng bilang ng mga IDPs na biktima ng armadong labanan ay mga bata. Sa isang pag-aaral ng ginawa ng Balay Rehabilitation Center noong 2003, tinatayang apat sa bawat sampung tao sa mga *evacuation centers* sa Pikit noong taong iyon ay mga bata.

Ano ang karaniwang dahilan ng paglikas ng mga tao?

Maliban sa natural na kalamidad, ang militarisasyon at sagupaan sa pagitan ng mga sundalo ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo ang pinakapangunahing dahilan ng



paglikas ng mga tao sa loob ng Pilipinas.

Ano ang tungkulin ng gobyerno sa kalagayan ng pwersahang paglikas?

Ang pinakamainam na paraan upang harapin ang problema ng sapilitang paglikas ay iwasan ang mga kundisyon o kalagayang nagtutulak sa mga taong iwanan ang kanilang mga tahanan kahit labag sa kanilang kalooban.

Ang pangunahing tungkulin na isakatuparan ang kaligtasan, kapakanan at kalayaan ng mga tao ay nakaatang sa

pamahalaan. Ang prinsipyong ito ay malinaw na nakasaad sa deklarasyon ng karapatang pantao at sa internasyunal na batas na makatao.



Ano ang United Nations Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID)?



Binibigyang linaw ng UNGPID ang mga tungkulin ng pamahalaan at mga pribadong ahensiya sa mga sitwasyong may sapilitang paglikas sa loob ng isang bansa. Higit sa lahat, inihahanay nito ang mga karapatan ng

mga IDP hinggil sa:

- Proteksyon laban sa arbitraryo o walang-pakundangan na pagtataboy ng mga tao;
- Proteksyon sa panahon ng aktuwal na paglikas;
- Katiyakan sa ligtas na pagbabalik, muling pagtatayo ng komunidad at malayang pakikisalamuha at pamumuhay ng mga IDPs;
- Katiyakan sa makataong tulong o *humanitarian assistance*.

.....
Halaw mula sa isang praymer hinggil sa Internally Displaced Persons na inilimbag ng Balay Rehabilitation Center, Inc.